

## Pinakabagong Paghahanda para sa Bakuna sa JN.1 COVID-19

Kasalukuyang nagbibigay ang Pamahalaan ng pinakabagong bakunang JN.1 COVID-19 sa mga kuwalipikadong indibidwal na may edad 12 taon pataas. Kung ang mga kuwalipikadong bata na may edad 6 na buwan hanggang 11 taon ay mag-iskedyul ng appointment para sa bakunang COVID-19 mRNA simula 25 Pebrero, ang lugar ng pagbabakuna ay magbibigay rin ng bakunang JN.1 COVID-19.

Ang mga mamamayan na may mataas na panganib, partikular ang mga matatanda at mga may comorbidity, ay dapat makatanggap ng libreng booster ng bakuna sa lalong madaling panahon kung natanggap nila ang kanilang huling dosis o nagkaroon ng impeksyon sa COVID-19 higit sa 6 na buwan na ang nakalipas.

### Programang Pagbabakuna Laban sa COVID-19 ng Pamahalaan

- Ang mga indibidwal na may edad 6 na buwan pataas ay maaaring tumanggap ng libreng (mga) pangunahing dosis.
- Ang mga kabilang sa mataas na panganib na pangkat ay maaaring tumanggap ng libreng booster dose.
  1. Mga nakatatanda na may edad 50 pataas, kabilang ang mga naninirahan sa residensyal na care homes.
  2. Mga indibidwal na may edad 18 hanggang 49 na may mga umiiral na karamdaman (comorbidities).
  3. Mga indibidwal na may edad 6 na buwan pataas na may kondisyon ng mahinang immune system.
  4. Mga buntis.
  5. Mga manggagawa sa sektor ng kalusugan.

Para sa karagdagang detalye tungkol sa Programang Pagbabakuna Laban sa COVID-19, bisitahin ang website ng CHP:

<https://www.chp.gov.hk/en/features/106934.html>



21 Pebrero 2025 (21 February 2025)